# Ikaw ba ay CREDITOR o pinagkakautangan ng nagsarang Bangko Pangasinan – A Rural Bank, Inc.? Narito ang mga paraan upang mag-file ng creditor's claim.

PHILIPPINE DEPOSIT INSURANCE CORPORATION
PDIC
*Bank deposit mo, protektado!*




**Creditor** ang tawag sa tao o organisasyon kung saan may pagkakautang ang nagsarang bangko. Kabilang dito ang mga "uninsured depositor" na ang deposito ay higit sa ₱500,000.

Ang claim ng mga creditor ay babayaran gamit ang natitirang assets ng nagsarang bangko. Dapat na mag-file ng claim ang lahat ng creditor sa PDIC bilang Receiver ng nagsarang bangko.



**Deadline: Hanggang August 29, 2023***

*60 days matapos ang publication ng Notice to Creditors noong June 30, 2023

Ang mga claim na ipa-file ng mga creditor pagkatapos ng deadline na **August 29, 2023** ay ide-deny ng PDIC. Samantala, hindi na kailangang mag-file ng claim ang isang uninsured depositor na nakapag-file na ng deposit insurance claim sa PDIC, bilang Deposit Insurer, kung ang claim ay nai-file niya bago ang deadline o mismong **August 29, 2023**.

## PAANO MAG-FILE NG CREDITOR'S CLAIM?

Ipadala ang nasagutan at nilagdaang Claim Form na maaaring ma-download nang libre sa PDIC website, www.pdic.gov.ph.




1. **Postal Mail o Courier Service sa:**
   **Public Assistance Department**
   Philippine Deposit Insurance Corporation
   Ground Floor, PDIC Chino Bldg., 2228 Chino Roces Avenue, Makati City 1231
   Kinakailangang may postmark na hindi lalagpas sa **August 29, 2023** ang pinadalang claim




2. **Online sa e-mail address na**
   **pangasinan-pad@pdic.gov.ph**



3. **Personal na pag-file sa:**
   **PDIC Public Assistance Center (PAC)**
   3rd Floor, SSS Bldg., 6782 Ayala Avenue corner V.A. Rufino St., Makati City 1226
   **Para sa personal na transaksyon sa PAC, pinapayuhan ang mga kliyente na mag-request ng appointment, sumunod sa health protocols, at ipakita ang kanilang vaccination cards. Maaaring magpa-appointment sa pamamagitan ng alinman sa mga sumusunod:**

- **(02) 8841-4141**
  (tumawag during office hours, para sa mga creditor sa Metro Manila)
- **1-800-1-888-7342 o 1-800-1-888-PDIC**
  (tumawag during office hours, para sa mga creditor sa labas ng Metro Manila)
- **pangasinan-pad@pdic.gov.ph**
- **www.facebook.com/OfficialPDIC**



## MGA PAALALA:

1. Magpapadala ng sulat ang PDIC sa mga creditor na "DENIED" ang mga claim.
2. Mag-file ng claim sa liquidation court: (A) sa loob ng 60 araw mula ng pagkatanggap ng FINAL NOTICE ng denial ng claim, o (B) sa loob ng 20 araw mula sa publication ng Order na nagse-set ng initial hearing para sa Petition for Assistance in the Liquidation ng bangko, alinman ang mas mahuling mangyari sa dalawa (A at B).
3. Para sa mga karagdagang tanong, makipag-ugnayan sa Public Assistance Department sa mga nabanggit na contact information.